Gastav Elementary School
Banisilan North District

# TABLE OF SPECIFICATIONS

SUBJECT/GRADE LEVEL: **ESP VI** RATING PERIOD: **FOURTH Grading**

| *Topics/Learning Competencies* | *Number of Days Taught* | *Number of Items* | *Easy (60%)* | *Average (30%)* | *Difficult (10%)* | *Percentage* |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. Naipapakita ang matalinong paggamit ng enerhiya. | 1 | 3 | 1,2,3 | | | |
| 2. Natitipid ang sariling lakas. | 1 | 3 | 4,5,6 | | | |
| 3. Naipapakita ang pagpapahalaga at matapat na paggawa | 1 | 3 | 7,8 | 9 | | |
| 4. Nakahihikayat sa iba na maging matapat sa lahat ng uri ng paggawa. | 1 | 3 | 11,12 | 10 | | |
| 5. Naisasagawa ang paraan ng pagpaparami ng pagkain. | 1 | 3 | | 15 | 13,14 | |
| 6. Naisasagawa ang bayanihan at palusong | 1 | 3 | 16,17 | 18 | | |
| 7. Tinatanggap ng magiliw ang panauhin | 1 | 3 | 19,20,21 | | | |
| 8. Ipinagmamalaki ang namumukod at kanais-nais na katangiang Pilipino. | 1 | 2 | 22,23 | | | |
| 9. Naipagmamalaki ang kadakilaan n gating mga bayani. | 1 | 3 | | 24, 25,26 | | |
| 10.Nakatutugon sa pangangailangan sa panahon ng kagipitan | 1 | 3 | | 27,28 | | |
| 11. Nahihikayat ang ibang kasapi na tanggapin at | 1 | 3 | | 29,30 | 31 | |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| sundin ang pasiya ng nakararami. | | | | | | |
| 12. Nagsasagawa ng talakayan bago magpasiya. | 1 | 3 | 34 | 33 | 32 | |
| 13. Kinikilala ang mga Pilipinong nagtagumpay sa larangan ng musika. | 1 | 1 | 35 | | | |
| 14. Kinikilala ang mga Pilipinong nagtagumpay sa larangan ng isports | 1 | 1 | 36 | | | |
| 15. Ginagawang huwaran ang mga Pilipinong nagkaroon ng kontribusyon sa ibang bansa. | 1 | 1 | | | | |
| **TOTAL** | **15** | **40** | **24** | **12** | **4** | **100** |

Prepared by: **LLOYD H. MAGDALUYO**
Teacher-1

Noted: **LORLY D. SAN NICOLAS**
Head Teacher-3

Gastav Elementary School
Banisilan North District

## FOURTH QUARTER EXAMINATION
## ESP VI

***Panuto: Itiman ang bilog ng titik ng iyong sagot sa sagutang papel***

1. Hayaang bukas ang ilaw habang natutulong sa gabi.
   a. tama b. mali
2. Tiyakin hindi nakasindi ang bentilador kung aalis ng bahay.
   a. tama b. mali
3. Ang nanonood ng t.v. nang buong maghapon ay nag-aaksaya ng kuryente.
   a. tama b. mali
4. Upang makatipid ng lakas sa paglalaba: .
   a. Ibabad ang mga puting damit upang madaling matanggal ang dumi
   b. Makipagkuwentuhan habang naglaba
   c. Palagiang magpahinga habang naglaba.
5. Upang makatipid ng lakas sa pamamalantsa
   a. Tupiin ng maayos ang mga pangbahay na damit upang hindi na plantsahin
   b. Isampay kahit saan ang mga damit
   c. Plantsahin ang mga basahan
6. Upang makatipid ng lakas sa paglinis ng bahay
   a. Damputin kaagad ang mga kalat
   b. Hayaang dumami ang kalat bago maglinis
   c. Ugaliin labo-labo ang mga gamit

***Si Mang Jose ay tumanda na sa pagsasaka. Ang hanapbuhay na ito ay masaya niyang naisasagawa. Sa loob ng pitong taon, nagkaroon sila ni Aling Manda ng tatlong anak. Sa ngayon ay magsasaka pa rin siya at ito ang tanging ibinubuhay niya sa kanyang parnilya. Kanyang pinagtapos ang lahat ng anak sa pagaaral sa pamamagitan lamang ng pagsasaka.***

7. Ano ang hanapbuhay ni Mang Jose?
   a. pagsasaka b. pangingisda c. pagkakarpintero d. pangangaso
8. Marangal ba ang hanapbuhay ni Mang Jose?

a. Oo b. Hindi c. Ewan d. hindi ko alam

9. Ano ang mabuting naidulot ng pagiging matiyaga ni Mang Jose sa kanyang pagsasaka?
   a. napagtapos niya ng pag-aaral ang kanyang mga anak
   b. naging mayaman sila
   c. naging makapangyarihan siya
   d. nagkaroon siya ng maraming sasakyan

***Si Mang Roy ay masipag na tagapagbantay ng isang pabrika. Siya ay maagang pumapasok dahil tumutulong siya sa paglilinis ng buong bakuran ng pabrika. Isang araw laking gulat niya dahil pagbukas niya ng pintong pabrika siya ay nakapulot ng isang sabre na may lamang pera. Kinuha niya iyon at itinago, dahil wala namang nakakita. Nang magdatingan ang kanyang mga kasamahan isa rito ay umiiyak na nagtatanong tungkol sa nalaglag na sobre ng pera. Ang lahat ng sinasabi ng nawalan ay tumutugon sa diskripsyon ng kanyang napulot. Ibinigay iyon ni Mang Roy sa lalaking tuwang-tuwa dahil may mga tao pa ring matapat sa panahong ito.***

***Pagkaraan ng ilang buwan si Mang Roy ay isa sa binigyan ng parangal dahil sa kanyang kasipagan at katapatan.***

10. Sino si Mang Roy?
   a. masipag na tagapagbantay ng isang pabrika b. isang pulis
   c. isang magsasaka d. isang barangay kapitan
11. Ano ang kanyang nakita sa kanyang pagbubukas ng pinto ng pabrika?
   a. sobre b. sobre na may lamang pera c. pera d. alahas
12. Ano ang katangiang ipinakita ni Mang Roy?
   a. pagiging matapat b. pagkamasunurin c. pagkatamad d. pagkasinungaling

13. Alin sa mga sumusunod ang paraan sa pagpaparami ng pagkain?
   a. pagtatanim b. pag-aani c. pagpuputol ng mga pananim d. wala sa nabanggit
14. Ang pagtatanim at pag-aalaga sa mga ito ay halimbawa ng paraang makapagpaparamu n gating mga pagkain.
   a. tama b. mali c. hindi tiyak
15. Ang pag-aalaga ng hayop tulad ng manok at baboy ay nakatutulong din sa pagpaparami ng ating mga pagkain.
   a. tama b. hindi c. hindi tiyak
16. Ano ang gagawin mo kung ang mga tao sa inyong pook ay sama-samang naglilinis sa kapaligiran?
   a. tumulong b. manood c. matulog d. magkalat
17. Ang kapitbahay mo ay maraming dala. Ano ang gagawin mo?
   a. tulungan siya b. tingnan lamang siya c. pabayaan siya d. pagtawanan siya
18. Ito ay tulong-tulong at sama-samang pagsasagawa ng isang gawain.
   a. bayanihan b. patrabaho c. paglalaro d. pagpapagod
19. Tumuktok sa pintuan nang malakas kung tayo ay tumatawag.

a. tama b. mali c. di-tiyak

20. Bumati nang "hello" pagbukas ng pintuan.
a. tama b. mali c. di-tiyak

21. Magpaalam nang rnaayos bago umalis.
a. tama b. mali c. di-tiyak

22. Alin sa mga sumusunod ang hindi kanais-nais na katangian ng isang Pilipino.
a. pagka-magalang b. Maka-Diyos c. matakaw d. makabansa

23. Ang pagmamano sa mga nakatatanda ay tanda ng pagiging ________.
a. kawalang respeto b. magalang c. mapagmahal d. matipid

24. Sino ang ating pambansang bayani?
a. Andres Bonifacio b. Jose Rizal c. Apolinario Mabini d. Lapulapu

25. Bakit itinuturing na bayani ang isang tao?
a. dahil may nagawa siya para sa kapakanan ng bayan
b. dahil may nagawa siya para sa kanyang sarili
c. dahil may nagawa siya para sa kanyang pamilya
d. dahil may nagawa siya para sa kapakanan ng taga-Amerika.

26. Matatawag ba nating bayani ang isang taong namatay ngunit nagdulot ng kapahamakan at kasiraan sa ating bayan?
a. Oo b. Hindi c. di-tiyak

***Si Norma ay panganay na anak ni Aling Bidang na labandera. Sila'y apat na magkapatid na inilalangoy ni Aling Bidang na isa nang biyuda.***
***Nadarama ni Norma ang paghihirap ng kanyang ina, kaya't ang kaunting pera na ibinibigay sa kanya ng kanya Nanay niya ay hindi niya ginagastos lahat..Nagtatabi siya nang paunti-unti.***
***Isang araw, biglang nagkasakit si Aling Bidang, gininaw at nilagnat siya nang matindi. Kailangan niya ang magpatingin sa duktor upang humupa ang kanyang lagnat. Wala siyang kapera-pera dahil hindi siva nakapaglabada. Dalidaling kinuha ni Norma ang perang naitabi niya. Nagulat pa si Aling Bidang nang iabot sa kanya ni Norma ang pera na pambayad sa duktor at pambili pa ng gamot niya. Naiyak si Aling Bidang sa tuwa.***

27. Anong klaseng bata si Norma?
a. matipid b. palagasta c. matapang d. palaaway

28. Paano niya nasagip ang kanyang Nanay sa kagipitan?
a. sa pamamagitan ng kanyang ipon c. sa pamamagitan ng pagnanakaw
c. sa pamamagitan ng pagtitinda d. sa pamamagitan ng panlilimos

29. Paano nakaipon ng pera si Norma?
a. hindi niya ginagastos lahat ng perang ibinibigay ng kanyang nanay.
b. nagtinda siya ng mga kakanin
c. nagpalimos siya sa kalye
d. nagnakaw siya ng mga gamit at ibenenenta.

30. Ipa1iwanag nang buong hinahon ang puntong nais iparating.
a. tama b. mali c. di-tiyak

31. Pagsigaw na magsalita sa harap ng mga hindi sumasang-ayon.
a. tama b. mali c. di-tiyak

34. Gumamit ng mga nakahihikayat na pangungusap ngunit matapat at makatotohanan.
`   a. tama   b. mali   c. di-tiyak

35. Nais ng pangkat na magkaroon ng proyekto. Ano ang dapat gawin?
    a. Tumawag ng pulong at magtalakayan
    b. Pabayaan ang pangulo na mag-isip ng paraan.
    c. Sumunod na lamang sa kagustuhan ng karamihan
36. Tumawag ng pulong ang pangulo. Ano ang gagawin mo?
    a. Makinig na larnang sa talakayan
    b. Sumali sa talakayan
    c. Matulog at sundin na lamang ang pangulo
37. Habang nagtatalakayan ang pangkat, may ibang hindi sang-ayaon. Ano ang gagawin?
    a. Magpaliwanag nang mahinahon
    b. Makinig at manatiling tahimik
    c. Makipagsigawan
38. Sino sa mga sumusunod ang kilala sa buong mundo sa larangan ng musika?
    a. Manny Pacquiao   b. Lea Salonga   c. Alden Richards   d. Benigno Aquino
39. Sino sa mga sumusunod ang kilala sa buong mundo sa larangan ng isports?
    a. Manny Pacquiao   b. Lea Salonga   c. Alden Richards   d. Benigno Aquino
40. Sino ang kauna-unahang Pilipino na naging pangulo ng United nations?
    a. Carlos P. Romulo   b. Carlos P. Garcia   c. Ninoy Aquino   d. Ferdinand Marcos

Inihanda ni:

**LLOYD H. MAGDALUYO**
Guro